## Paano gumagana ang Programa?

- Ipinapadala ang mail sa mga kalahok nang hindi bababa sa tatlong araw kada linggo.
- Ang lahat ng mga dokumento ng Serbisyo ng Proseso ay inihahatid sa Programang Safe at Home at pagkatapos ay ipinapadala sa kalahok sa pamamagitan ng sertipikadong mail.
- Ang panahon ng inisyal na pag-enroll ay apat na taon.
- May opsyon ang mga kalahok na mag-renew kada apat na taon.
- Inaabisuhan ang mga ahensya ng pamahalaan, sa pamamagitan ng sulat, tungkol sa pag-withdraw ng isang kalahok o pagkakaalis sa Programa, ayon sa kinakailangan.
- Ang lahat ng first class, sertipikado, at nakarehistrong mail ay ipinapadala sa mailing address ng kalahok na naka-file sa Safe at Home, nang walang bayad sa kalahok.
- Hindi nagpapadala ang Safe at Home ng mga package, magasin, catalogue, reseta, likido, o mga babasagin na bagay.




California Secretary of State's Office
Safe at Home Program
PO Box 846
Sacramento, CA 95812

(877) 322-5227
FAX (916) 653-7625
SafeAtHome@sos.ca.gov
www.sos.ca.gov/safeathome


safe at home
California's Confidential Address Program

# Safe at Home

CALIFORNIA'S CONFIDENTIAL ADDRESS PROGRAM

## Pangkalahatang Impormasyon



## Ano ang Programa ng California na Safe at Home?

Ang Safe at Home ay isang programa sa kumpidensyal na address na pinangangasiwaan ng Tanggapan ng Kalihim ng Estado ng California. Kapag ginamit bilang bahagi ng pangkalahatang plano sa kaligtasan, ang Safe at Home ay nagbibigay sa mga kalahok sa programa ng pamalit na address para sa sulatpara makatanggap ng first class, sertipikado, at registered mail.

Kapag naging kwalipikado na ang isang kalahok sa programa, ang P.O. Box ng Safe at Home na ang magiging opisyal na address niya. Inaatasan ang mga ahensya ng pang-estado at lokal na pamahalaan na tanggapin ang address ng Safe at Home sa identification card ng kalahok; gayunpaman, hindi inaatasan ang mga pribadong kumpanya at ang pederal na pamahalaan na gawin ito.

## Sino ang kwalipikado?

Kwalipikadong lumahok ang mga aplikante kung sila ay:

- Nakatira sa California
- Isa sa mga sumusunod:
  - Biktima ng karahasan sa tahanan, stalking, sekswal na pag-atake, human trafficking, pag-abduct ng bata, at pang-aabuso sa nakakatanda o dependent na nasa hustong gulang-
  - Manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan kaugnay sa pag-aanak nana nakaranas ng mga banta ng karahasan, karahasan, o pangha-harass dahil sa pagkakaroon ng kaugnayan sa isang pasilidad ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan kaugnay sa pag-aanak
  - Empleyado/contractor ng pampublikong entidad na nakaranas ng banta ng karahasan, o pangha-harass - dahil sa kanyang trabaho para sa isang pampublikong entidad
- Isang miyembro ng sambahayan ng uri ng biktima na nakalista sa itaas
- Natatakot para sa kanilang kaligtasan, o para sa kaligtasan ng isang menor de edad na bata o may kapansanan na nasa hustong gulang

## Ano ang mga serbisyong ibinibigay?

Ibinibigay ng Safe at Home ang mga sumusunod:

- Pagpapadala ng kumpidensyal na mail
- Ahente para sa Serbisyo ng Proseso
- Kumpidensyal na pagpaparehistro ng botante
- Paggamit ng nakatalagang address ng Safe at Home at numero ng P.O. Box ayon sa estado, county, at mga ahensya ng lokal na pamahalaan ng California kapag gumagawa o nagbabago ng pampublikong record
- Nare-renew na pag-enroll sa Safe at Home

Kapag nakapag-enroll ka na, maaari kang pumili mula sa maraming serbisyo na posibleng makapagpatibay sa iyong pangkalahatang plano sa kaligtasan. Kabilang sa mga opsyonal na serbisyong ibinibigay ng iba pang ahensya ng pamahalaan ng California ang:

- Programa sa Pagpigil ng mga Record ng Kagawaran ng Mga Sasakyang De-motor
- Petisyon para sa pagpapalit ng kumpidensyal na pangalan sa pamamagitan ng sistema ng Kataas-taasang Hukuman ng California
- Proteksyon sa privacy online sa pamamagitan ng tanggapan ng Attorney General ng California

## Paano ako mag-a-apply?

Kung interesado kang lumahok sa Safe at Home, dapat kang magpa-appointment sa isang nakatalagang Ahensya sa Pag-enroll. Makakahanap ka ng mga lokasyon ng Mga Ahensya sa Pag-enroll online sa **www.sos.ca.gov/safeathome** o sa pamamagitan ng pagtawag sa **(877) 322-5227**.

Kapag nakipagkita ka sa isang assistant para sa application ng isang Ahensya sa Pag-enroll at naunawaan mo ang layunin ng Programang Safe at Home, tutulungan ka ng assistant para sa application sa pagkumpleto ng proseso ng application. Ang mga nakumpletong materyal ng application ay ipinapadala sa Safe at Home para sa pagsusuri at pag-apruba. Kapag naaprubahan na, makakatanggap ang aplikante ng packet sa pag-enroll na naglalaman ng impormasyon ng resource at isang opisyal na identification card na magagamit sa negosyo o mga pampublikong transaksyon na nangangailangan ng mailing address o street address. Ayon sa batas, dapat tanggapin ng mga ahensya ng estado at lokal na ahensya ang address ng Safe at Home na ipinapakita sa identification card. Gayunpaman, hindi inaatasan ang mga pribadong entidad o negosyo, o ang pederal na pamahalaan na tanggapin o kilalanin ang nakatalagang address ng Programang Safe at Home.

## Ano ang mangyayari pagkatapos maisumite ang aking application?

Susuriin ng Safe at Home ang iyong application. Kapag naaprubahan, magtatalaga ng P.O. Box sa iyo at isang natatanging apat na digit na numero ng pagkakakilanlan. Kapag pinagsama, ang numerong ito kasama ng iyong nakatalagang P.O. Box ang iyong magiging bagong mailing address sa Safe at Home.

